
# Balitang Manmin

BILANG 90 AGOSTO 18, 2013


# Maging Saksi para sa Panginoon – Sa Kapangyarihan ng Espiritu

## Ika-31 Anibersaryo ng Manmin Central Church




















1. Pinakaunang pagsamba noong Hulyo 25, 1982
2. Ika-12 dalawang linggong magkasunod na espesyal na pulong para sa muling pagpapasigla
3. Ang Empire State Building sa New York kung saan naka-pwesto ang antena ng GCN TV
4. Ang lugar ng Muan Sweet Water kung saan naging tubig na maaaring inumin ang tubig-alat dahil sa panalangin
5. Kamangha-manghang pagpapagaling na nakita sa mga krusada sa Korea at sa ibang bansa
6. Mga hindi pangkaraniwang bahaghari na may iba't ibang hugis at sukat
7. Krusada ng Pagkakaisa sa Jerusalem, Israel 2009
8. Krusada ng Pagkakaisa sa India, dinaluhan ng tatlong milyong tao
9. Ang plano para sa Santuwaryo ng Canaan

Noong Hulyo 25, 1982, nagsimula ng pagsamba ang Manmin Central Church ng may labintatlong mananampalataya, kasama na sa bilang na ito ang mga bata. Idinaos ito sa isang santuwaryo na may sukat na 360 metro kuwadrado (litrato 1). Isang napakalaking iglesya na ito ngayon na may mahigit sa 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya sa buong mundo. Ang kalakasan ng iglesya ay nagmumula sa mga mensaheng puno ng buhay ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na ipinagkaloob sa kanya ng Diyos dahil sa taimtim niyang pananalangin at pag-aayuno. Naipapahayag din sa iglesyang ito ang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Pinapatunayan nito na ang mga nakasulat sa Biblia ay totoo.

Magmula ng magbukas ang Manmin, naranasan ng iglesya ang kamangha-manghang mga tanda at himala tulad ng pagtigil ng malakas na ulan, pagpalit ng direksyon ng malalakas na bagyo, mga patay na muling nabuhay, at mga bulag na nakakita dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Mga karanasang naranasan din noon ng mga unang iglesya (Tingnan sa pahina 4).

Noong taong 1993, napili ang Manmin Church bilang isa sa limampung pangunahing iglesya sa buong mundo ng *Christian World*, isang magasin sa Estados Unidos. Hanggang taong 2004, tuwing buwan ng Mayo, nagdadaos si Dr. Lee ng dalawang linggong espesyal na pagpupulong para muling sumigla ang buhay bilang Cristiano. Umapaw ang mga pagpapagaling ng Diyos at pagsagot Niya sa mga dalangin sa mga pagpupulong na ito.

Mayroong isang kamangha-manghang pangyayari noong Marso 2000. Napalitan ng tubig na pwedeng inumin ang tubig na maalat sa isang balon sa Muan Manmin Church sa Muan Gun, Jeonnam dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Marami sa mga uminom ng tubig at nagpahid nito sa katawan nila nang may pananampalataya ay gumaling sa mga karamdaman. Tumatamasa din sila ng mga biyaya sa tahanan, opisina at negosyo (Tingnan ang pahina 3).

Makapigil-hiningang mga pagkilos ng Banal na Espiritu ang naipakita sa mga krusada sa ibang bansa. Nakapagdaos na ng krusada sa Pakistan, Kenya, India, Russia, Estados Unidos, at Israel. Gumaling ang maraming klase ng karamdaman tulad ng cancer at AIDS. Nakakita ang mga bulag, nakapagsalita ang mga pipi, at nakarinig ang mga bingi. Nakakamangha ang mga pagpapagaling na nangyari dahil sa makapangyarihang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Maraming naging Cristiano.

Pinatatag ng mga makapangyarihang pangyayaring ito ang mga nakasulat sa Biblia sa buong bansa at sa buong daigdig. Napanood ito sa buong mundo dahil sa GCN TV (www.gcntv.org). Umaabot ito sa mahigit na 170 mga bansa. Ang mga libro ni Dr. Lee ay nailathala na sa 57 mga wika. Naaantig ang hindi mabilang na mga kaluluwa sa buong mundo sa ginagawang pagpapatunay ng WCDN (World Christian Doctors Network, samahan ng mga Cristianong doktor) na totoong may banal na pagpapagaling.

Patuloy ang pananalangin ng mga miyembro ng iglesya, tulad ng ginagawa nila sa loob ng 31 taon. Sila ang mga bungang espirituwal dahil sa pagsabay nila sa mabilis na daloy ng espiritu. Kukumpletuhin nila ang kalooban ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon sa itatayo nilang Santuwaryo ng Canaan at Pinakamalaking Santuwaryo.

# Perpektong Pag-ibig

"Ang pag-ibig ay walang katapusan; Subalit maging mga propesiya ay matatapos; maging mga wika ay titigil; maging kaalaman ay lilipas...At ngayon ay nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa tatlong ito ay pag-ibig" (1 Mga Taga-Corinto 13:8-13).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kapag patungo na kayo sa Langit at pwede kayong magdala ng isang bagay, ano ang dadalhin ninyo? Anong mahalaga sa atin na karapat-dapat dalhin?

Sa Langit, ang daan na lalakaran ninyo ay purong ginto. Kilala ng Diyos ang mga puso ng pinakamamahal Niyang mga anak kaya inihahanda Niya ang magagandang tirahan, gawa sa ginto at mga mamahaling bato at hiyas na hindi maikukumpara sa kahit na ano dito sa mundo. Hindi na kayo kailangang magdala ng ginto o ng kahit na anong hiyas pagpunta ninyo sa Langit. Pero may isang bagay na dapat nating dalhin mula dito sa mundo para maibahagi sa Diyos. Ito ay ang espirituwal na pag-ibig na iningatan natin sa mga puso natin habang nabubuhay tayo dito sa mundo.

## 1. Ang Pag-ibig ay mahalaga magpakailanman, kahit sa Langit

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 13:8-10, "Ang pag-ibig ay walang katapusan. Subalit maging mga propesiya ay matatapos; maging mga wika ay titigil; maging kaalaman ay lilipas. Sapagkat ang nalalaman natin ay bahagi lamang at nagsasalita tayo ng propesiya nang bahagi lamang. Subalit kapag ang sakdal ay dumating, ang bahagi lamang ay magwawakas." Ang pagpopropesiya, pagsasalita ng mga wika, at kaalaman tungkol sa Diyos ay mga espirituwal na bagay, pero bakit hindi na kailangan ang mga ito sa Langit?

Ang Langit ay espirituwal na kaharian, ito ay perpektong lugar. Kahit nagpopropesiya tayo sa mundo, ibang-iba sa kaharian sa Langit sa darating na panahon. Mauunawaan natin ng maliwanag ang kalooban ng Diyos at ng Panginoon sa Langit, hindi natin kailangan ng propesiya doon.

Ganito rin sa pagsasalita ng mga wika. Kapag nakikipag-usap tayo sa ibang tao na ibang wika ang ginagamit, nahihirapan tayo. Pero sa Langit, iisa ang wika. Hindi tayo dapat mag-alala tungkol sa pakikipag-usap sa ibang tao. Dahil naiipaabot ng mabuting puso ang gusto nitong sabihin, nagkakaunawaan ang lahat, walang pagkiling.

Ganito rin sa kaalaman. Habang narito tayo sa mundo nagsisikap tayong mag-aral ng Salita ng Diyos. Natutuhan natin kung paano tayo maligtas at kung ano ang kalooban ng Diyos. Pero kaalaman ito para matutuhan natin ang pagpunta sa Langit, maliit na bahagi lang ito ng kaalaman.

Sinabi kanina, ang propesiya, pagsasalita ng ibang wika, at kaalaman ay pansamantalang kailangan dito sa mundo para makapasok sa Langit kahit bahagi sila ng espiritu. Samakatwid, mahalagang malaman ang salita ng katotohanan at ang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Langit. Pero ang pinakamahalaga ay ang pangangalaga sa pag-ibig. Makakapasok tayo sa kalangitan sa Langit para manirahan doon ng masaya at magpakailanman kung sisipagan natin ang paglilinis ng puso natin at tutuparin ang pag-ibig.

## 2. Ang pag-ibig na perpektong madadama sa Langit

Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto13:11, "Nang ako'y bata pa, nagsasalita akong gaya ng bata, nag-iisip akong gaya ng bata, nangangatuwiran akong gaya ng bata. Ngayong ganap na ang aking pagkatao, ay iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata."

Sa Langit walang kadiliman, pag-aalala o pagkaligalig, kabutihan at pag-ibig lang ang naroon. Pwede nating ipakita ng sukdulan ang pag-ibig natin sa Langit. Magkaibang-magkaiba ang pisikal na mundo at ang espirituwal na mundo. Kahit sa mundong ito, magkakaiba ang pagsasalita, pag-unawa, at pag-iisip ng mga tao, ito ay ayon sa sukat ng pananampalataya.

Sa 1 Juan 2, ang bawat antas ng pananampalataya ay itinutulad sa 'maliliit na bata', 'mga bata', 'mga kabataan', at mga 'ama'. Ang mga nasa antas ng bata sa pananampalataya ay parang mga 'bata' sa espiritu. Ang pang-unawa nila ay parang sa bata din, kaya hindi nila tunay na maunawaan ang mga bagay na may malalim na espirituwal na kahulugan at hindi pa sila gaanong malakas para isabuhay ang Salita. Pero kapag naging mga kabataan at ama na sila, ang antas ng pagdama ng pag-ibig ng Diyos ay magiging iba. Mas may kakayahan na silang isabuhay ang Salita ng Diyos at mananalo na sila sa gera laban sa mga puwersa ng kadiliman.

Pero kahit makamit natin ang pananampalataya ng mga ama dito sa mundo, pwedeng sabihin na parang mga bata pa rin tayo kumpara sa panahong papasok na tayo sa kaharian ng langit. Ito'y sa dahilang nasa pisikal pa tayo, may limitasyon pa. Malalaman natin kung gaano kaganda ang Langit habang naniniwala at umaasa tayo habang nabubuhay sa mundo. Kapag narating na natin ang Langit, makikita natin na walang limitasyon ang kalakihan ng espirituwal na kaharian. Mahiwaga ito pero mauunawaan din natin ang tungkol sa lahat ng bagay dito.

Ang buhay natin dito sa mundo ay panahon ng paghahanda para sa walang hanggang buhay sa kalangitan. Ang mundong ito ay lilipas nang mabilis dahil parang anino lang ito kumpara sa walang hanggang kaharian sa langit. Magwawakas ito, at kapag nagwakas ito, mahahayag ang tunay na buhay.

Mababasa natin sa 1 Mga Taga-Corinto13:12, "Sapagkat ngayo'y malabo nating nakikita sa isang salamin, ngunit pagkatapos ay makikita natin ng mukhaan. Ngayo'y bahagi lamang ang nalalaman ko, ngunit pagkatapos ko ay lubos kong mauunawaan kung papaanong ako ay lubos na nakikilala."

Noong sinulat ni apostol Pablo ang kabanata tungkol sa espirituwal na pag-ibig, ito ay may 2,000 taon na ang nakaraan. Ang salamin noon ay hindi kasing linaw ng salamin ngayon dahil dinurog at pinakintab na pilak, tanso at iba pang mga metal lang ito. Kapag dumating ang walang hanggang kaharian, ang perpektong mundo, makikita at madadama natin ang kaharian ng langit. Makikita natin nang maliwanag ang bawat detalye ng kaharian dahil nandoon na tayo mismo. Madadama natin ang kadakilaan ng Diyos, hindi pwedeng ipaliwanag ang kagandahan Niya.

## 3. Pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ang pinakadakila sa mga ito ay pag-ibig

Napakahalaga para sa pagpapalago ng pagtitiwala natin ang pananampalataya at pag-asa. Pwede tayong maligtas at makarating sa Langit kung may pananampalataya tayo. Pwede tayong maging mga anak ng Diyos kung mayroon tayong pananampalataya. At kung mayroon tayong pananampalataya, mayroon tayong pag-asa. Sa pamamagitan nito pwede nating angkinin ang mas mabuting tirahan sa Langit, sikaping maging banal, at maglingkod ng tapat para sa kaharian ng Diyos.

Ipinaliwanag na, kinakailangan ang pananampalataya at pag-asa hanggang makarating tayo sa kaharian sa langit. Pero bakit sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 13:13, "At ngayon ay nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay pag-ibig"?

Una, ang pananampalataya at pag-asa ay kinakailangan habang tumatanggap tayo ng 'pangangalaga' dito sa lupa. Sa Langit, ang espirituwal na pag-ibig lang ang matitira sa tatlong ito.

Kung mayroon kayong tunay na pananampalataya at pag-ibig sa Diyos, ang pag-asa ninyo sa Langit ay palaki nang palaki habang tumatagal, sumasabay ito sa paglago ng pananampalataya ninyo. Hahanapin ninyo ang Panginoon habang tumatagal.

Ang mga umaasa sa langit ay hindi nagsasabi, "Sobra na ito, nahihirapan na ako" kahit na lumalakad sila sa makipot at magaspang na daan dito sa mundo. Hindi sila natitinag ng kahit na anong tukso. Pero kapag dumating na kayo sa huling hantungan, ang Langit, hindi na ninyo kailangang sumampalataya at umasa, dahil nakikita na ninyo ng harapan ang lahat ng bagay. Pag-ibig lang ang nasa Langit. Kaya sinasabing ang pinakadakila sa tatlong ito ay pag-ibig.

Pangalawa, maaari ninyong makamit ang Langit sa pamamagitan ng pananampalataya, pero hindi kayo makakapasok sa pinakamagandang tirahan sa Langit, sa Bagong Jerusalem, kung wala kayong pag-ibig.

Kung kikilos tayo nang may pananampalataya at pag-asa, makakapasok tayo sa mas mabuting tirahan sa Langit. Ang espirituwal na pananampalataya ay ibinibigay kung mabubuhay tayo ayon sa Salita ng Diyos, iwawaksi ang mga kasalanan, at magkaroon ng mabuting puso. At batay sa sukat ng pananampalataya, ang tirahan natin sa Langit ay pipiliin, kung sa Paraiso, sa una, pangalawa, at pangatlong kaharian ng langit, at Bagong Jerusalem.

Ang Bagong Jerusalem ay ibinibigay sa mga anak ng Diyos na nagkaroon ng perpektong pag-ibig sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay ang sukdulan ng pag-ibig. Para tularan ang Panginoon at manahan sa Bagong Jerusalem, dapat tayong sumunod sa mga yapak ng Panginoon. Ang paraan Niya ay pag-ibig. Matutularan natin Siya kung ibubunga natin ang siyam na bunga ng Espiritu at ang Mapapalad sa puso natin.

Kaya, kung may pananampalataya tayo, makakapasok tayo sa Langit at kapag mayroon tayong pag-asa, maiiwaksi natin ang mga kasalanan natin. Mahalaga at kinakailangan ang pananampalataya at pag-asa, pero makakapasok lang tayo sa Bagong Jerusalem kung mayroon tayong perpektong pag-ibig. Kaya sinasabing pag-ibig ang pinakadakila sa mga ito.

Mahal kong mga kapatid, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magiging mga pinagpalang mananampalataya kayo na kinalulugdan ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakaroon ninyo ng espirituwal na pag-ibig na isinulat sa 1 Mga Taga-Corinto 13.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Mga Bagay na Dapat Malaman para Pagalingin ng Diyos

Noong Hunyo 14-15, 2013, idinaos ng WCDN ang ika-10 pandaigdigang kumperensya tungkol sa medisina sa Toluca, Mexico. Dumalo ang may 350 mga doktor at mga propesyonal sa medisina mula sa dalawampu't apat na bansa. Iba't ibang talumpati at pagbabahagi ng mga banal na pagpapagaling ang narinig at ipinakita. Isa na dito ang espesyal na patotoo ni Dr. Alvin Hwang.

### Ang paggaling ng napakasakit na 'calcification' (naiipon at tumitigas na calcium sa katawan) sa pamamagitan ng pananampalataya

Noong Marso 2012, naging napakasakit ng kaliwang pulso ng anak kong si Lucy Hwang, nagpasuri siya sa ospital. Nasuri na may 'calcification' sa pulso niya. Sinisira nito ang mga himaymay sa pulso niya kaya nagdulot ito ng matinding sakit. Kinabukasan, nakita sa pagsusuri na nabasag na ang buto niya sa may pulso dahil dito. Malala ang kondisyon niya at matindi ang sakit na nararamdaman niya. Pero sa kabila nito, hindi natitinag ang determinasyon niyang pagagalingin siya ng Diyos.

Para mapagaling, dumalo siya sa pulong para sa banal na pagpapagaling sa Manmin Prayer Center, kaakibat ito ng Manmin Central Church. Habang pinapakinggan niya ang mensahe ni Gng. Boknim Lee, pangulo ng prayer center, natanto niyang maligamgam ang pananampalataya niya. Pinagsisihan niya ito. Sa sumunod na pagpupulong, nagsisi siya ng lubos at ganap, kaya tumanggap siya ng mas malaking pagpapala, may kamangha-mangahang nangyari.

Lahat ng pananakit ay nawala nang tanggapin niya ang panalangin ni Gng. Lee gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nangyari ito dahil hindi sumuko si Lucy, binuwag niya ang pader ng mga kasalanan laban sa Diyos. Suriin natin ang mga bagay na dapat nating malaman para tumanggap tayo ng pagpapagaling ng Diyos.

### Mga Paraan para Magkaroon ng Banal na Pagpapagaling – Batay sa Nangyari kay Lucy

Una, hindi nagbago ang pagtitiwala niya sa Diyos.

Kung hindi siya umasa sa Diyos hanggang sa huli, hindi siya tatanggap ng kasagutan. Nakita ni Lucy ang paggaling ng hindi mabilang na mga tao mula sa hindi magagamot at nakakamatay na mga sakit mula pa noong bata siya. Gumaling ang mga ito dahil sa pananalangin ni Dr. Lee. Kaya nanampalataya siya na mangyayari din ito sa kanya.

Pangalawa, nawasak ang pader ng kasalanan sa pagitan niya at ng Diyos.

Noong una, hindi niya naintidihan kung bakit nagkaroon siya ng ganitong sakit. Pero habang pinapakinggan niya ang mensahe sa pagpupulong tungkol sa banal na pagpapagaling, nakita niya kung nasaan ang problema, nagsisi siya nang lubos. Dahil dito nagiba ang pader ng kasalanan sa pagitan nila ng Diyos.

Pangatlo, nanalangin siya hanggang maging karapat-dapat ang pananampalataya niya.

Hindi siya huminto sa pananalangin nang may pananampalataya hanggang tanggapin niya ang kasagutan. Sinabi sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:17, "Manalangin kayong walang patid." Nagtiwala siya na sasagutin siya ng Diyos sa pinakamabuting oras, nagpatuloy siya sa pananalangin.

Dahil nangyari sa kanya ito, nagkaroon ako ng pagkakataon na tingnan ng mabuti ang buhay niya. Masyado siyang abala, nag-aaral para sa eksamen sa eskwela, gumagawa ng 'assignments', aktibo sa mga ibang programa ng eskwelahan, at tumatanggap ng mga 'part-time' o pansamantalang trabaho. Siyempre, hindi naman siya huminto sa pananalangin, hindi rin siya gumawa ng matitinding kasalanan. Kaya lang, hindi niya napansin, nawala na ang unang pag-ibig niya para sa Panginoon at naging maligamgam ang hangarin niyang mapabanal. Mabuti na lang, nalaman niya ito, nadama niya ang kalooban at pag-ibig ng Diyos habang pinapakinggan niya ang mga mensaheng inihahatid sa Manmin Prayer Center.

Magmula noon, nagbago na siya. Natanto niya na dapat niyang mahalin ang Diyos una sa lahat kahit gaano pa siya kaabala o kahit mahirap ang situwasyon niya. Dapat lumago ang pananampalataya niya at hindi siya dapat matisod at bumalik sa dating buhay na malayo sa Diyos. Inuna niya ang Diyos sa buhay niya.




Dr. Alvin Hwang
(Neurophysiology,
Bise Presidente ng WCDN)

**Paglalahad ng Pangyayari**

Lucy C. Hwang









Bago Ipanalangin
Naipon at matigas na calcium sa pulso

agkatapos ng Panalangin
Nawala na ang naipon at matigas na calcium sa pulso

### Sumasagot ang Diyos ayon sa sukat ng pananampalataya ng bawat isa

Itinutulad ng 1 Juan 2:12-14 ang antas ng espirituwal na pananampalataya sa proseso ng paglaki ng tao: pananampalataya ng maliliit na bata, ng mga bata, ng mga kabataan, at ng mga ama. Sinusukat ng Diyos ang pananampalataya ng bawat isa at sumasagot siya ayon sa antas ng pananampalataya nila.

Naaantig ang puso ng Diyos at sumasagot Siya kapag nagpapakita ng kahit maliit na pananampalataya ang mga bagong mananampalataya. Ginagabayan Niya sila para makilala nila Siya at mabilis na maranasan ang pag-ibig Niya. Pero kapag malago na ang pananampalataya natin, ang pagsagot ay ibabatay na Niya sa katarungan.

Kasama sa pakikipag-ugnayan sa Diyos ang pagsunod sa Kanya. Ibig sabihin, dapat gustuhin nating mas makilala Siya nang buong puso at sundin ang Salita Niya nang may pananampalataya at pagmamahal sa Kanya. Pero may mga taong hindi gumaling, nabuhay na sakitin, o namatay kahit sinasabing nanalangin sila at nagsisi. Iba't iba ang dahilan nito. Isa na dito ang espirituwal na kuneksyon na nagkakabit sa kanila sa mga magulang, mga anak, o sa asawang nagkakasala.

Binanggit na kanina, iba't ibang bagay ang kinakailangan para sumagot ang Diyos sa Kanyang katarungan: pananampalataya, pagsisisi, pananalangin, paglago ng espiritu, at espirituwal na kuneksyon. Pero huwag tayong panghinaan ng loob. Sinabi ng Diyos sa Isaias 49:15, "Malilimutan ba ng babae ang kanyang batang pasusuhin, na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kanyang sinapupunan? Oo, ang mga ito'y makakalimot, ngunit hindi kita kalilimutan."

Nagbahagi ng isang kaso si Dr. Chauncey Crandall, espesyalista sa puso, sa ika-4 na pandaigdigang kumperensya ng mga Cristiano tungkol sa medisina ng WCDN na idinaos sa Miami, USA. Namatay ang isang pasyenteng inatake sa puso, pero muling nabuhay nang ipanalangin niya. Nangyari ito sa Palm Beach Cardiovascular Clinic sa Palm Beach Gardens, Florida, Estados Unidos. Iniulat ito sa Fox News at napanood sa buong bansa.

Gayon pa man, ang pasyenteng ito ay hindi Cristiano. Pero pinanalangin ng pamilya niya na maligtas siya sa loob ng 20 taon. Ang panalanging ito ang naging daan para muli siyang mabuhay para tanggapin si Jesu-Cristo. Damang-dama namin ang pag-ibig ng Diyos na naghahangad na maligtas ang lahat ng tao, na hindi mawala ang kahit isang kaluluwa, para maligtas. Ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos tulad nito ay nangyayari sa bawat sulok ng mundo.

"Kayat sinabi sa kanya ni Jesus, 'Malibang makakita kayo ng mga tanda at kababalaghan ay hindi kayo mananampalataya'" (Juan 4:48).

# Mga Tanda, Himala, at ang Pagkilos ng Buhay na Diyos!

Patuloy na naipapakita sa Manmin Central Church ang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos sa loob ng 31 taon magmula noong nagbukas ito. Tulad ito ng mga nangyari noon sa mga unang iglesya na nakasulat sa Ang Mga Gawa 2. Pinaniniwalaan ni Dr. Jaerock Lee ng 100% ang Salita ng Diyos na nakasulat sa 66 libro ng Biblia. Naghandog siya ng maraming pag-aayuno at mga panalangin para hilingin ang kapangyarihan ng Diyos. Dahil dito, nakakapagpakita ang iglesya ng mahimala at hindi pangkaraniwang mga gawa na lampas sa pang-unawa ng tao. Sa taong ito, nakakaranas ang mga miyembro ng iglesya hindi lang ng mga muling paglikha, kundi pati ng mga gawa ng orihinal na tinig na bumabago sa malayang kalooban. Sa pagdiriwang ng ika-31 anibersaryo ng iglesya, balikan natin ang mga tanda at himala na naranasan ng mga miyembro noong nagsisimula pa lang ang Manmin.

## Himala

### "Agad tumila ang malakas na ulan nang manalangin kami nang may pananampalataya"



Pastor Hyuncheol Joo
(2-12 Parish, South Korea)

Ang pinakaunang retreat sa tag-init ng Manmin ay idinaos noong Agosto 1, 1983. Noong panahong iyon, nasa ika-11 baitang ako at nagsisilbing pangulo ng pang-Linggong paaralan. Gagawin ang retreat sa Daebu Island, Incheon, kaya dapat umalis kami sa tamang oras para hindi mahuli sa pag-alis ng barko.

Natulog kami sa santuwaryo at gumising ng mga ika-4:00 ng umaga para magdaos ng pagsamba. Biglang umulan ng napakalakas, may kasama pang kulog at kidlat. Pinaghandaan namin ang retreat, umaasa sa kasiyahan at magagandang bagay na mangyayari, pero ang lakas ng ulan! Walang ni isang nag-alala o nagreklamo sa amin.

Natapos ang pagsamba ng ika-4:30 ng umaga. Hindi pa rin tumigil ang napakalakas na ulan at hangin. Nang matapos ang pagsamba, sinabi ni Pastor Jaerock Lee (Punong Pastor na siya ngayon), "Nag-ayuno at nanalangin tayo para sa retreat na ito sa loob ng dalawang buwan. Pero umuulan ngayon. Naniniwala ba kayong titigil ang ulan pagkatapos nating sabay-sabay manalangin sa Diyos?" Malakas ang pagsagot namin ng, "Amen!"

Pagkatapos ng panalangin, sinabi ni Pastor Lee, "Nanalangin na tayo nang may pananampalataya. Umuulan pa rin sa labas. Pero kapag bumaba na tayo bitbit ang mga maleta, titigil ang ulan." "Amen!" Umalingawngaw sa santuwaryo ang sagot namin. Hindi kami nag-alinlangan, dahil marami na kaming naranasang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ni Pastor Lee.

Wala pang isang minuto ang pagbaba namin mula sa santuwaryo na nasa ikalawang palapag papunta sa labasan. Pero paghakbang namin sa labas ng pintuan, namangha kaming lahat. Tumigil na ang napakalakas na hangin at ulan. Hallelujah!

Ipinakita ng Korea Meteorological Administration, ang ahensyang sumusukat kung gaano ang buhos ng ulan, na 12.4mm ang ibinuhos nito noong ika-5:00 ng umaga sa Seoul. Gayon pa man, pagkatapos naming idalangin sa pagsamba sa madaling araw na nawa ay tumigil na ang ulan, biglang bumaba ang sukat nito. Ipinapakita nito na totoong biglang huminto ang malakas na ulan.

Ipinaramdam sa amin ng pinakaunang retreat sa tag-init na kasama namin ang Diyos, kaya lumago ang pananampalataya namin. Panahon ito ng maraming nakakamanghang karanasan sa unang pagkakataon. Ang ibang mga iglesya ay nakatuon sa mga aksidenteng maaaring mangyari sa mga retreat na ganito. Marami silang problema, malaki at maliit, kahit kakaunti lang ang dumadalo.

Gayon pa man, sa nakaraang 30 taon, iningatan ng Diyos ang Manmin para hindi kami magkaroon ng kahit isang maliit na aksidente. Higit pa riyan, biniyayaan kami ng Diyos na makita ang lahat ng klaseng himala ng pagpapagaling, mga tanda, at mga himala. Lahat ng pagpapasalamat at pagpapala ay ibinibigay ko sa Diyos na kasama namin sa pag-ibig.

## Tanda

### "Nalason ako sa nalanghap kong gas pero muling binuhay ng makapangyarihang panalangin!"



Punong Diakonesa Minseon Lee
(1-5 Parish, South Korea)

Noong Marso 1985, umuwi ako pagkatapos ng magdamag na pagsamba tuwing Biyernes ng mga ika-5:00 ng umaga. Namatay na ang ningas ng uling, kaya pinaapoy ko ulit ito. Natulog ako ng mga ika 6:00 ng umaga. Mag-isa lang ako, sinikap kong makatulog kahit kaunti bago pumasok sa trabaho.

Sa likod ng 'fireplace' naroon ang dingding na may pintuan papunta sa kwarto ko. Isinandal ko ang ulo ko sa may tabi ng pintuan. Hindi nagtagal, sinubukan kong tumayo pero hindi ko na maigalaw ang katawan ko. Sinubukan ko pa ng maraming beses, pero nauntog lang ang ulo ko sa dingding at sa pinto, dahil dito nawalan ako ng malay. May nakapagsabi sa akin na nakita daw akong nakasandal sa dingding at bumubula ang bibig.

Mabuti na lang, nakita ako ng kapitbahay kong babae. Malapit na akong mamatay. Tinawag niya si Diakonesa Hangsim Kim (Punong Diakonesa na ngayon). Sinabihan niya ang isang estudyanteng kasama niya na ipasan ako. Itinakbo nila ako sa bahay ni Pastor Jaerock Lee (Punong Pastor na ngayon).

Ika-1:00 o 2:00 na ng hapon, ibig sabihin, nalanghap ko ang usok ng gas mula sa uling nang may 7- 8 oras. Ihiniga ako ng estudyante sa isang maliit na kwarto ng bahay ni Pastor Lee at kumatok sa pintuan ng kwarto nito. Sinabi niya, "May isang babaing malapit nang mamatay! Pakiusap, ipanalangin po ninyo siya!"

Pero walang sumagot mula sa kwarto. Noong mga araw na iyon, pinaniniwalaan na ng mga miyembro ng iglesya na magagawa ng Diyos na bumuhay ng patay dahil nakita na nilang nanalangin si Pastor Lee. Nabuhay muli ang isang kabataang lalaki, at ang tatlong anak na babae ni Dr. Lee na naghihingalo dahil nakalanghap ng gas. Nangyari ito pagkatapos ng magdamag na pagsamba tuwing Biyernes noong 1983. Kaya dito nila ako dinala. Pero parang walang tao sa kwarto. Lungkot na lungkot sila.

Nananalangin na pala si Pastor Lee sa Diyos. Pagkatapos niyang manalangin, ipinatong niya ang kamay niya sa ulo ko at nanalangin pa ulit. "Lason mula sa uling, umalis ka diyan! Lumabas ka sa lahat ng butas ng katawan at himaymay niya!"

Pagkatapos ng panalangin, sinabi ng mga nakakita, nagkamalay ako at dumilat. Nanginginig pa ang mga talukap ko. May isang miyembrong nagkaroon ng pangitain at sinabi niya sa ibang miyembro, "Nang ipanalangin siya ni Pastor Lee, may lumabas na itim na usok mula sa ilong, tainga, mga mata, at mga himaymay niya."

Pagmulat ko, nasa tabi ng ulo ko si Pastor Lee. Sinubukan kong bumangon dahil nahihiya ako pero hindi ako makagalaw. Gusto kong sabihing, "Hindi ako makagalaw" pero parang naninigas ang dila ko. Pagkalipas ng ilang minuto, ang matigas na katawan ko ay bumalik sa dati. Nakaupo, nakatayo nakapagsalita at nakagalaw na ako. Hallelujah!

Sa Korea, may tatlumpung taon na ang nakakaraan, maraming tao ang namatay dahil nakalanghap ng lason mula sa gas. At ang mga nabuhay naman ay naging kaawaawa ang buhay dahil sa epekto ng gas sa katawan nila. Kamuntik na rin akong mamatay dahil dito. Kung nabuhay ako, baka parang gulay ako. Gayon pa man, muli akong binuhay ng makapangyarihang panalangin. Malusog at buhay ako ngayon.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714